

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kawanihan ng Paggawa at Kapakanan (Labour and Welfare Bureau)

Ang layunin ng Kawanihan ng Paggawa at Kapakanan (LWB) ay upang mapangalagaan ang mga karapatan at benepisyo ng mga empleyado at maitaguyod ang kabutihan ng mga kapuspalad. Ang LWB ay nakatuon sa pagbibigay ng kalidad na serbisyo sa mga miyembro ng publiko anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

- | | |
|------------------------------------|---|
| Umiiral na Mga Panukala | <ul style="list-style-type: none">● Ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa publiko ay walang kinalaman sa lahi.● Ang mga serbisyo ay inihahatid sa Tsino at/ o Ingles. Kung naaangkop at magagawa, ang LWB ay mag-aayos ng serbisyong interpretasyon/pagsasalin sa walong wika, tulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese sa pamamagitan ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER) o ibang mga tagapagkaloob ng serbisyo.● Itutuloy ng LWB ang pag-aayos ng mga pagsasanay tungkol sa Ordinansa sa Diskriminasyon ng Lahi at mga kaugnay na mga isyu upang mapahusay ang pag-unawa ng mga kawani sa pagkakapantay-pantay ng lahi. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | <ul style="list-style-type: none">● Pana-panahong susuriin ng LWB ang mga serbisyo nito at gagawa ng mga pagpapabuti kung kinakailangan. |
| Karagdagang Panukala na Ipatutupad | <ul style="list-style-type: none">● Ang LWB ay kukuha ng data at estadistika sa mga pangangailangan at paggamit ng serbisyong interpretasyon at pagasasalin sa mga taong magkakaibang lahi upang masukat ang epekto ng mga ipinatupad na mga panukala. |

Para sa mga katanungan sa mga panukala sa itaas, mangyaring makipag-ugnay sa Executive Officer (Welfare) Administration 2, Mr Mark CHEN, sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan–

Telepono : 2810 3278
Fax : 2523 1973
Email : enquiry@lwb.gov.hk

**Kawanihan ng Paggawa at Kapakanan
Hunyo 2024**